Australian Government

Job Services Australia
people • skills • jobs

Work Experience: Work for the Dole

Ang Work for the Dole (Trabaho para sa Dole) ay magbibigay sa iyo ng pagkakataong madagdagan ang iyong mga kasanayan at magkaroon ng karanasan sa pamamagitan ng mga gawaing magbibigay pakinabang sa mga lokal na komunidad sa kabuuang Australia.

Ang mga gawaing Work for the Dole ay maaaring makuha mula sa mga organisasyong hindi-para-kumita at pangkomunidad, o sa mga organisasyon at ahensya ng Estado, Teritoryo o Pamahalaang Australia.

Ang lahat ng mga kalahok sa mga gawaing Work for the Dole ay dapat alukin ng may istrukturang pagsasanay, kung ito ay naangkop at maaaring makuha.

Ikaw ay maaari ding makilahok sa mga oras na pinakanababagay sa iba mo pang mga tungkulin, katulad ng pag-aaral, bahaging-oras o di-pirmihang trabaho, o mga tungkulin bilang magulang.

Maaaring makita sa pagpupuwesto sa Work for the Dole na ikaw ay nagtatrabaho bilang bahagi ng isang pangkat sa isang gawaing panggrupo kasama ang ibang mga naghahanap ng trabaho, o isang pang-indibiduwal na pagpupuwesto kasama ang punong abalang organisasyon (katulad ng isang grupong pangkomunidad o pangkawanggawa.

Ang uri ng mga gawaing maaari mong gawin habang nasa Work for the Dole ay magkakaiba-iba ngunit maaaring kabilang dito ang mga pagkakataong mapaunlad ang mga kasanayan sa:

- paggamit ng kompyuter
- opisina o tindahan
- serbisyong pangkostumer
- pagpapaganda ng hardin o paghahardin
- gawaing pang-kahoy, pagpipintura, pagdedekorasyon, gawaing pang-metal o pagsusuri ng kuryente
- pagmamantina ng mga sasakyan at gusali
- pagpapanumbalik ng makasaysayang mga gusali at sasakyan
- trabahong pang-hospitality, kabilang ang paghahanda ng pagkain
- pagtulong sa mga miyembro ng komunidad katulad ng nakatatanda, mga taong may kapansanan o mga bata (maaaring mangailangan ka ng police clearance bago magtrabaho sa mga nursing home o sa trabahong kasama ang mga bata)
- pagsusulat ng lokal na kasaysayan
- paggawa ng mga video, website o mga babasahing pang-publikasyon.

Ang hanay ng mga gawain na maaaring makuha ay magkakaiba sa bawat tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia at maaaring kabilang ang mas maraming mapagpipilian kaysa sa mga nakalista sa itaas.

Kailangang tiyakin ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia na ang mga gawaing Work for the Dole ay:

- nagpapahusay sa mga pagkakataong makakita ng trabaho ang isang naghahanap ng trabaho
- nagbibigay ng mga pagkakataon para sa naibabagay na karanasang pantrabaho sa mga naghahanap ng trabaho upang matulungan sila na makakonekta sa kanilang komunidad at lugar pantrabaho
- nagbibigay ng mga pagkakataon para sa may istrukturang pagsasanay para sa lahat ng mga kalahok saan man naaangkop at maaaring makuha
- nagbibigay ng karanasang pantrabaho na magpapaunlad o magpapahusay sa kakayahan ng isang naghahanap ng trabaho na makapagtrabaho bilang bahagi ng isang pangkat, mabigyan ng gabay ng isang superbisor, makapagtrabaho nang nagsasarili, mahusay na makipagkomunikasyon at mapagbuti ang pagganyak at pagiging maaasahan
- makakaakit ng pakikilahok ng lokal na komunidad sa mga gawaing magbubunga ng mga resultang mapakikinabangan ng komunidad.

Full-Time na Work for the Dole

Bilang isang naghahanap ng trabaho maaari kang lumahok sa Work for the Dole o Full-Time Work for the Dole. Ang mga gawaing ito ay magkapareho at maaari mong gawin ang parehong uri ng mga gawain maging Work for the Dole o Full-Time na Work for the Dole ang iyong nilalahukan. Ang pangunahing kaibahan ay ang kabuuang bilang ng mga oras ng pakikilahok.

Ang Full-Time Work for the Dole ay isang higit na masinsinang uri ng gawaing Work for the Dole. Karaniwan, ang pakikilahok sa Full-Time Work for the Dole ay 25 oras bawat linggo sa loob ng 10 buwan at kadalasan ay kinabibilangan ng mahigit sa isang gawaing Work for the Dole.

Kung ikaw ay nasa pagitan ng 18 at 59 na taong gulang ikaw ay maaaring kailanganing makilahok sa Full-Time Work for the Dole kung isaalang-alang ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia na makikinabang ka mula sa higit na masinsinang gawain.

Sino ang maaaring lumahok?

Kung ikaw ay rehistrado sa isang tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia maaari kang magboluntaryo upang makilahok sa Work for the Dole anumang oras, kung ikaw at ang iyong tagapagbigay-serbisyo ay magkasundo na ito ay makatutulong sa iyo.

Kung ikaw ay isang naghahanap ng trabaho na may Work Experience Activity Requirement (Pangangailangan para sa Gawaing nauukol sa karanasang Pantrabaho) maaari mong matugunan ang pangangailangang ito sa pamamagitan ng pakikilahok sa Work for the Dole.

6FS09446JSA/tagalog

Kung ikaw ay isang naghahanap ng trabaho na kailangang magkumpleto ng Intensive Activity (Masinsinang Gawain) o Compliance Activity (Gawaing nauukol sa Pagtupad) maaari mo itong magawa sa pamamagitan ng pakikilahok sa Work for the Dole. Aabisuhan ka ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia kung ikaw ay kinakailangang magkumpleto ng Intensive Activity (Masinsinang Gawain) o Compliance Activity (Gawaing nauukol sa Pagtupad).

Kung ikaw ay tumatanggap ng suporta sa kinikita at lalahok sa Work for the Dole, kabilang ang Full-Time Work for the Dole, ikaw ay magiging karapat- dapat para sa karagdagang bayad na $20.80 tuwing ikalawang linggo upang makatulong sa iyong mga gastos sa pakikilahok.

Paano mag-aplay

Kung ikaw ay interesadong makilahok sa isang gawaing Work for the Dole para sa iyong Work Experience Activity Requirement, kausapin ang iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia.

Ang iyong mga pananagutan

Kung ikaw ay tumatanggap ng Newstart, Youth Allowance (Panustos para sa Kabataan) o Parenting Payment (Kabarayan sa Pagiging Magulang) na may kinakailangang pakikilahok, kakailanganin mong maghanap ng trabaho at makilahok sa mga gawaing makatutulong sa iyo na makakuha ng trabaho.

Isasaalang-alang ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ang iyong personal na kalagayan at makikipagkasundo para sa naaangkop na mga gawaing isasama sa iyong Employment Pathway Plan (Plano para sa Pagkakaroon ng Trabaho).

Kung hindi mo kayang makilahok sa mga gawain, dapat mo itong talakayin sa iyong tagapagbigay-serbisyo. Kung ikaw ay nabigong tumupad sa iyong napagkasunduang mga gawain, maaaring makaapekto ito sa iyong mga kabayarang suporta sa kinikita.

Ang iyong karapatan sa pagiging pribado

Ang iyong personal na impormasyon ay protektado ng *Batas sa Pagiging Pribado 1988 (Privacy Act 1988)* at ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaari ding maging protektado ng *Batas ng Social Security (Pang-administrasyon) 1999 (Social Security (Administration) Act 1999)* (gaya halimbawa, kung ikaw ay tumatanggap ng suporta sa kita). Ang iyong impormasyon ay maaaring ibahagi sa pagitan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, ng Department of Education, Employment and Workplace Relations (DEEWR), Centrelink at iba pang mga kagawaran at kawanihan ng Pamahalaang Australia, na nagbibigay-daan upang ang mga organisasyon ay makapagbigay sa iyo sa pinakaangkop na mga serbisyo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagiging pribado magtanong sa iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia, DEEWR o bisitahin ang **privacy.gov.au**.

Ang aming garantiya ng serbisyo para sa iyo

Garantiya ng Serbisyo

Ikaw ay patuloy na tatanggap ng personal na mga serbisyong pantrabaho na hatid ng iyong tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia. Ang mga serbisyong ito ay naaangkop sa iyong mga kalagayan at pinagmulan. Upang makita ang lahat ng mga Garantiya ng Serbisyo bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Mga Alituntunin ng Panunungkulan

Ang mga tagapagbigay-serbisyo ng Job Services Australia ay kinontrata upang maghatid ng mga serbisyong pantrabaho na pinondohan ng Pamahalaang Australia at sumang-ayon at nakalaang tumupad sa Mga Alituntunin ng Panunungkulan ng mga Serbisyong Pantrabaho (Employment Services Code of Practice). Upang makita ang Mga Alituntunin ng Panunungkulan bisitahin ang **deewr.gov.au/jobservicesaustralia**.

Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa 13 17 64 o bisitahin ang deewr.gov.au/jobservicesaustralia.